



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-124

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGPAPALAWAK (WIDENING) NG KALYE MONTILLANO SA BARANGAY ALABANG, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

SAPAGKAT, ang pagpapalawak ng kalye Montillano ay magdudulot ng malaking kaluwagan at kaginhawahan sa mga motorista, mangangalakal, mag-aaral at iba pang tumatahak dito;

SAPAGKAT, sa panahon ng mga biglaang pangangailangan (emergency cases) tulad ng pagkakaroon ng sunog ay madaling mabibigyan ng lunas kung may maluwag na madadaan ang mga sasakyan ng pamatay sunog;

SAPAGKAT, ang kalye Montillano na pag-aari ng pamahalaang nasyonal ay may nakalaan ng plano sa pagpapalawak nito ang Kagawaran ng Paggawain at Lansangang-bayan at ipatutupad na lamang;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang pagsisikip ng trapiko sa nasabing kalye ay maiibsan kung magiging apat na linya (four lanes) ang lawak nito;

SAPAGKAT, ang kaunlaran ng isang bayan ay mabilis na mabibigyan ng katugunan kung mayroong maayos at magandang lansangan;

SAPAGKAT, ang lugar na may maayos at maluwag na lansangan ay madaling makatawag pansin at makahikayat ng mga kapitalista at mangangalakal;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na lumikha ng kapasiyahan na nagsasaad ng pagpapalawak (widening) ng Kalye Montillano sa Barangay Alabang, Muntinlupa Kalakhang Maynila.

PINAGTIBAY NG MAS NAKARARAMING^o KASAPI NG SANGGUNANG BAYAN ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 78th pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-16 ng Oktubre, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangunlong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

(hindi dumalo)
Kgg. EPIFANIO ESPELETA
Konsehal

(hindi nakilahok)
Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal


Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal




REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIAN BAYAN

Pahina - 2 -


Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal


(Hindi dumalo)
Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal


Kgg. RUFINO E. JOAQUIN
Konsehal


Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

(Hindi nakilahok)
Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :


RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

